Bates Middle School
Science Building
701 Chase Ave.
Annapolis, MD 21401

Lunes—Biyernes
8:00 ng umaga — 4:00 ng hapon

International Student Office Tagapagtala: Tema Encarnación

410.263.6420

International Student Office

Mahal naming mga Magulang,

Maligayang pagdating sa mga Pampublikong Paaralan ng Purok ng Anne Arundel! Upang matulungan kayo at ang inyong anak/mga anak na maayos na makapagsimula sa aming sistema ng paaralan, inaanyayahan namin kayo na magtungo sa International Student Office (Tanggapan para sa Internasyonal na Mag-aaral) para makumpleto ang proseso ng pagpapatala sa paaralan. Sa pagpunta ninyo sa tanggapan, pakidala po ang:

- Katibayan ng kapanganakan—(isang orihinal na katunayan ng kapanganakan o isang sinumpaang pahayag na may kasulatan)
- Katibayan ng paninirahan sa Purok ng Anne Arundel—(titulo ng lupa, kasunduan sa pangungupahan, kwenta sa tubig o kuryente, atbp.)
- Mga dokumento ukol sa kalusugan—(mga tala ng pagpapabakuna)
- Mga dokumento ukol sa nakalipas na programa sa edukasyon—(mga tala/ulat sa paaralan at/o sipi ng grado para sa mga sekundaryong mag-aaral; mga tala/ulat sa mababang paaralan)

Ang inyong anak/mga anak ay kukuha ng isang pagsusulit upang tiyakin ang kanyang/kanilang kasanayan sa pakikinig, pagsasalita at pagbabasa ng Ingles para makatulong sa aming mapagpasyahan ang pinakatamang serbisyong pampaaralan para sa kanya/kanila.

Ang inyong tipanan sa International Student Office ay

_____

araw/petsa/oras

Direksiyon tungo sa Tanggapan: Baybayin ang Interstate 97 hanggang Rt. 665, Aris T. Allen Boulevard. Tuluy-tuluyin ang Rt. 665 hanggang sa dulo. Ito'y magiging Forest Drive. Tuluy-tuluyin ang Forest Drive hanggang Hilltop Lane; Kumaliwa sa Hilltop Lane. Kumaliwa sa Spa Rd. Kumanan sa Greenfield St.; Kumanan hanggang sa unang paradahan. Ang International Student Office ay nasa gusali sa gawing kanan ninyo.

Tagalog